
3

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Mga Salitang Klaster




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Mga Salitang Klaster**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Fauna Kristine S. Formentera

**Editor:** Maylen F. Sardido, Gemma M. Gutierrez

**Tagasuri:**

**Tagawasto:** Irene T. Cababat, Merla S. Silva

**Tagaguhit at Tagalapat:** Marco Rigor Jumawan, Greco Dasmariñas Lee Wilson C. Precellas, Thonver R. Sampaga

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Cristy C. Epe, Janette G. Veloso, Beverly S. Daugdaug, Analiza C. Almazan, Mary Joy B. Fortun, Ma. Cielo D. Estrada, Imelda T. Cardines, Mary Jane M. Mejorada, Joan M. Niones

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1:
## Mga Salitang Klaster

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Mga Salitang Klaster!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Mga Salitang Klaster!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng  gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain  na  naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | | |
|---|---|---|
| | *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| | *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!




# Alamin

Kamusta ka?

Maligayang pagdating sa modyul na ito. Sa pagpatuloy ng iyong pag-aaral, matutuhan mo ang pagbuo ng salitang klaster.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:


- nakapagsama-sama ng mga katinig, patinig upang makabuo ng salitang klaster.



# Subukin

Tingnan ang bawat larawan. Piliin ang angkop na klaster sa kahon para mabuo ang salita. Isulat sa papel ang sagot.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| pl | gr | ts | br | rs |

1.  ____ ipo

2.  ____ ato

3.  so___ e

4.  ____ inelas

5.  na_____

# Pagtalakay sa Leksiyon



## Balikan

Kopyahin sa iyong kuwaderno ang mga pangngalan na makikita sa pangungusap.

1. Sumayaw si Glenda.
2. Maraming plato ang nabasag.
3. Matamis ang bunga ng punong tsiko.
4. Natangay ng alon ang aking tsinelas.
5. Kumikinang ang suot niyang brilyante.



## Tuklasin

Basahin ang kuwento. Pagkatapos, sagutin ang mga gabay na tanong. Isulat ang iyong sagot sa papel.

### Ang Prinsesa



Sa kaharian ng **Grendan** ay may isang **prinsesa** na nagngangalang **Prezan**. Siya ay may magandang **korona**.

Isang araw pinuntahan niya angkanyang mga kaibigang sina **Flora** at **Greg**. Niyaya niyang maglaro sa **plasa** ang mga ito.

Naglaro sila ng habulan, **trumpo**, at tumbang **preso**. Talagang naaliw sila sa paglalaro buong hapon.



# Suriin

Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ito sa iyong papel.

1. Saan naganap ang kuwento?
2. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
3. Ano-ano ang kanilang nilaro?
4. Ano ang napapansin mo sa unang pantig ng mga salitang nakasulat nang maitim?
5. Ano ang tawag sa dalawang katinig na magkasunod sa isang pantig.


# Pagtalakay sa Aralin

Ang **salitang klaster** ay salitang binubuo ng dalawang katinig na magkasunod sa isang pantig na kapwa binibigkas. Tinatawag din itong **kambal-katinig.**

Makikita ang mga pantig na ito sa **unahan**, **gitna**, o **hulihan** ng salita.

Halimbawa

| Unahan | Gitna | Hulihan |
| --- | --- | --- |
|  |  |  |
| tsinelas | sobre | nars |



## Pagyamanin

Kopyahin sa papel at salungguhitan ang mga salitang klaster sa bawat pangungusap.

1. Mainit ang klima sa Pilipinas.
2. Paborito ni Juan ang tsokolate.
3. Masaya si Jane galing sa eskwela.
4. Ipinamimigay ng guro ang kard sa bawat kuwarter.
5. Ang pagputol ng troso ay ipinagbabawal



## Isaisip

Punan ng angkop na salita ang patlang upang mabuo ang ideya. Isulat sa papel ang sagot.

Ang **salitang klaster** ay salitang binubuo na dalawang ____________ na magkasunod sa isang pantig na kapuwa binibigkas. Tinatawag din itong ______________.


Ang magkasunod na katinig na ito ay maaaring makikita sa _________, _________, at ___________.





# Isagawa


Piliin sa kahon ang angkop na kambal-katinig upang mabuo ang salita batay sa larawan. Isulat sa papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| pl | dr | gl | rt | tr |


1.  ___ ___ am

2.  ___ ___ en

3.  ero ___ ___ ano

4. 

tsa ___ ___

5.  ___ ___ obo

# Tayahin

Piliin ang angkop na sagot upang mabuo ang salitang klaster sa pangungusap. Isulat ito sa papel.

1. Ang ka ___ ___ ng grocery store ay may maraming laman.

    a. ts b. rt c. pr

2. Magaling kumuha ng li___ ___ ato ang aking kapatid.

    a. ts b. kw c. tr

3. Makulay ang ____ ____ aysikel nina Aling Rosa.

    a. tr b. pl c. kw

4. Nawala ang sum __ __ ero ni Mang Chito.

    a. ts b. br c. kw

5. Sumakay ng ___ ___ ip ang mag-anak.

    a. kl b. gr c. dy

# Karagdagang Gawain

Magsaliksik ng mga salitang may klaster mula sa magasin o diyaryo at isulat ito sa iyong kuwarderno.

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________
5. ______________________________

# Susi sa Pagwawasto

**Tayahin**

1. b
2. c
3. a
4. b
5. c

**Isagawa**

1. dr
2. tr
3. pl
4. rt
5. gl

**Isaisip**

1. katinig
2. kambal - katinig
3. unahan
4. gitna
5. hulihan

**Pagyamanin**

1. klima
2. tsokolate
3. eskwela
4. kard
5. troso

**Suriin**

1. Kaharian
2. Prezan, Greg, Flora
3. Trompo, habulan, tumbang preso
4. Dalawang katinig
5. klaster

**Balikan**

1. Glenda
2. plato
3. tsiko
4. tsinelas
5. brilyante

**Subukin**

1. gr
2. pl
3. rs
4. ts
5. br

# Sanggunian

Bagong Filipino 3 sa Salita at Gawa

Batayang Aklat sa Pagbasa 2010

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education – (Bureau/Office)

(Office Address)

Telefax:

Email Address: